# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 29, 2024, LUNES, IKA-09:20 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: 26 FEB 2024 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME: DATE: TIME: STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 049-T2024**

**KAPASIYAHANG KINIKILALA SI JUAN K. CAILLES, UNANG PILIPINONG GOBERNADOR NG LAGUNA, DAHIL SA KANYANG NAIAMBAG SA LALAWIGAN NG LAGUNA AT PAGTATAGUYOD SA KARAPATANG PANTAO NG MGA MAMAMAYAN DITO.**

**SAPAGKAT,** tungkulin ng Pamahalaan na palawigin ang kaalaman at tuwirin ang katotohanan ng kasaysayan ng bayan, nasyunal o lokal; bantayan at pangalagaan ang mga kayamanang pangkultura na magpapalakas sa nasyunalismo ng mga mamamayan, pagmamahal sa bayan, paggalang sa alaala ng mga bayani, at pag-ibayuhin ang pagkakaisa sa harap ng pagkakaiba ng gawi, tradisyon, at katutubong wika;

**SAPAGKAT,** ang nagawa para sa bayan ni Gob. Juan K. Cailles ay halimbawa ng pagsasawalang-bahala sa sariling buhay at pagsasa-alang-alang sa kalayaan at karapatan ng mga mamamayan;

**SAPAGKAT**, ang pangyayaring ito ay nagpapahayag ng katapangan at karunungan ng ating lahi, at husay sa pakikipag-laban at paninindigan;

**SAPAGKAT**, nasasaad sa Seksyon 14, 15, 16 at 17, Artikulo XIV ng Saligang Batas 1987 na dapat pangasiwaan ng Estado ang pangangalaga, pagpapayaman at makabuluhang ebolusyon ng kulturang Pilipino base sa prinsipyo ng pagkakaisa sa harap ng pagkakaiba (unity in diversity), sa malayang lipunan;

**SAPAGKAT**, si Juan Kaupamma Cailles ay isinilang noong Nobyembre 10, 1871 sa Nasugbu, Batangas; nag-aral sa Escuela Normal sa Maynila (ngayon ay Ateneo De Manila University) at naging guro sa mga publikong paaralan sa Amaya, Tanza at Rosario, Cavite;

**SAPAGKAT,** noong Digmaang Filipino – Amerikano ay nahirang siyang Pinuno ng Hukbong Pilipino sa Laguna kapalit ni Heneral Paciano Rizal;

**SAPAGKAT,** upang labanan ang pwersang Amerikano sa Laguna ay bumuo siya ng anim na grupo-militar na pinangunahan nina Regino Diaz Relova (Pila, Bay, Caluan at Los Baños), Severino Taiño (San Pedro, Biñan, Santa Rosa, Cabuyao at Calamba), Canulo Aritao (Lumban, Longos, San Antonio, Paete at Pangil), Roman Dimayuga / Pedro Caballes ( Santa Cruz, Pagsanjan, Cavinti, Luisiana at Majayjay), Julio Infante (Magdalena, Liliw, Rizal, Nagcarlan at San Pablo) Fidel Angeles (Siniloan, Mabitac at Santa Maria);

**SAPAGKAT,** noong Setyembre 17, 1900 ay kanyang nagapi ang pwersang Amerikano na pinamumunuan ni Koronel Cheetham sa Labanan sa Mabitac na ikinasawi ng maraming sundaling Amerikano;

**SAPAGKAT,** noong Hunyo 20, 1901 ay napilitang isuko ni Hen. Cailles ang kanyang pwersa sa Santa Cruz dahil na rin sa utos ni Emilio Aguinaldo na nabihag ng mga Amerikano sa Palanan, Isabela noong Marso 23, 1901;

**SAPAGKAT,** nagsimula siyang manilbihan bilang Gobernador-militar ng Laguna noong 1899, nahirang na Gobernador ng Laguna noong 1902-1910, 1915 – 1925; naging Representante ng Mounrain Province noong 1926 – 1931; muling naging Gobernador ng Laguna noong 1932 at 1938;

**SAPAGKAT**, noong Mayo 2, 1935, habang siya ay Gobernador ng Laguna, ay naganap ang pag-aalsa ng mga Sakdalista kung saan nakubkob ng mga rebelde ang simbahan ng San Policarpio sa Cabuyao, na napilitang salakayin ni Gobernador Cailles ang simbahan na ikinasawi ng maraming rebelde;

02192469

**SAPAGKAT,** tumulong siya sa kilusan laban sa Hapon noong Pangalawang Digmaang Pandaigdig at sandaling nanilbihang Gobernador ng Laguna matapos ang digmaan;

**SAPAGKAT,** namatay siya noong Hunyo 28, 1951;

**SAPAGKAT**, sa pakikipag-ugnayan at tulong mula National Historical Commission of the Philippines (NHCP) at Pamahalaang Panlalawigan ng Laguna, ang pamahalaang lokal ng Santa Cruz ay maglalagay ng makasaysayang pananda ( Historical Marker) ang tahanan ni Gob. Juan K. Cailles.

**SAPAGKA'T**, batay sa Kautusang Bayan Blg. 017-T2019, kinikilala ang mga makasaysayan at minanang kultura, kasama ang mga lugar, tao, gamit at pag-aari ng pamahalaan, nakikita man o hindi, na sumasakop sa bayan ng Santa Cruz, Laguna upang magsilbing buhay na kasaysayan sa paglipas ng panahon.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Mark Anthony M. Juangco (Tagapamuno ng Lupon sa Turismo), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Laura P. Obligacion, Kgg. Alan T. Pamatmat at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Kgg. Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Kilalanin si Juan K. Cailles, Unang Pilipinong Gobernador ng Laguna, dahil sa kanyang mga naiambag sa Lalawigan ng Laguna at pagtataguyod sa Karapatang Pantao ng mga mamamayan nito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Inhinyero, Pambayang Lupon sa Turismo, Kultura at Sining, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Laguna Provincial, Culture, Arts and Trade Office; National Commission for Culture and the Arts; National Historical Commission of the Philippines, at mga may kinalaman, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 29, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

2/19/24

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan